

Nagtatawag ng Mga Bagong Ideya: Tulungang Mahubog ang isang Estratahiya para sa Pederal na Integrasyon ng Imigrante at Refugee

Post ni Cecilia Muñoz and León Rodríguez noong Enero12, 2015 sa oras na 11:02 AM EST

Noong Nobyembre 2014, ipinahayag ni Presidente Obama ang isang serye ng mga [executive actions](#) (kilos ng [pagpapatupad](#)) para maayos ang ating sirang immigration system. Bilang parte ng mga kilos na ito, lumikha ang Presidente ng isang [White House Task Force para sa Mga Bagong Amerikano](#). Ipinagmamalaki naming maglingkod bilang mga co-chair sa federal interagency Task Force na ito, na pagtutuunan ng pansin ang pangmamamayan, pang-ekonomiya at lengguwahe na integrasyon ng mga bagong Amerikano at paglilikha ng mga malugod na tumatanggap ng mga komunidad para sa lahat ng mga residente.

Tulad nang nakasaad sa [memorandum ng Presidente](#):

Ang integrasyong pangmamamayan ay nagkakaloob ng seguridad sa mga karapatan at kalayaan. Ang pang-ekonomiyang integrasyon ay nagbibigay kapangyarihan sa pagiging independiyente at nagpapahintulota sa mga bagong Amerikano na tumulong pabalik sa kanilang mga komunidad at mag-ambag sa pagsulong ng ekonomiya.

Ang pagtatamo ng wikang Ingles ay nagpapahintulot sa pagsulong ng trabaho at career kasama ng aktibong pagiging bahaging pangmamamayan.

Kami ay, at patuloy na magiging, isang bansa ng mga imigrante. Karaniwan, malugod na tinatanggap ng Estados Unidos ang halos 1 milyong legal na mga permanenteng residente at higit sa 700,000 mga bagong naturalized na mga mamamayan kada taon. Ang mga bagong Amerikano na ito ay may malaking kontribusyon sa ating ekonomiya. Sa katotohanan, habang ang mga residente na ipinanganak sa ibang bansa ay bumubuo sa 13 porsiyento ng populasyon, sila ay kumakatawan sa higit sa 16 porsiyento ng puwersang manggagawa at nagsisimula sa 28 porsiyento ng lahat ng mga bagong negosyo na lumilikha ng mga trabaho para sa milyon-milyong mga Amerikano.

Ang layunin ng Task Force ay makabuo ng isang pederal na estratehiya para sa integrasyon ng imigrante na nagpapahintulot sa mga bagong Amerikano na makatulong sa lipunan sa lubos ng kanilang kakayahan at mapagkaisa ang mga Amerikano kasama ng mga tumatanggap na mga komunidad sa kanila para mapatatag ang mga nasabing komunidad na ito.

Sa pagsapit ng Marso 2015, magsusumite ang Task Force ng isang plano sa Presidnetne na kinabibilangan ng mga rekomendasyon para sa mga pederal na kilos para mataguyod ang integrasyon ng mga bagong Amerikano. Sa pagbubuo ng planong ito, nais naming makarinig mula sa inyo. Alam ninyo ang pinakamainam na gumagana para bigyang suporta ang integrasyon sa imigrante sa inyong komunidad. Magpadala sa amin ng input sa mga magagamit na pamamalakad at halimbawa ng mga huwarang programa na makakatulong sa mga imigrante at refugee na makapag-ambag sa inyong mga komunidad at ating ekonomiya.

Kailangan rin namin ang inyong input para matiyak na ang mga pederal na programa at patakaran ay patuloy na nagpapakita ng ating patuloy na pangako sa pagtanggap at integrasyon ng mga baguhan sa ating komunidad.

Mangyari lang ipadala sa amin ang inyong mga ideya at halimbawa sa NewAmericans@who.eop.gov bago sumapit ang Pebrero 9, 2015.

Si Cecilia Muñoz ay ang Director ng White House Domestic Policy Council. Si León Rodríguez ay ang Director ng U.S. Citizenship and Immigration Services.